

TAGALOG

فلبيني - (تجالوج)



ANG MGA SUSI NG LIHIM

مفاتيح الغيب

Dumaan sa pagsusuri ng Sunnah College committee,
Sumailalim sa pamamahala ni: Sheikh Dr. Haytham Sarhaan

(Guro sa Masjid Nabawi)

Sarhaan.com – MahadSunnah.com

Youtube.com/@MahadSunnah

بسم الله الرحمن الرحيم

Ang mga susi ng lihim o tinatawag na “Mafatihul Ghaib” sa wikang arabik; ay lahat ng kaalaman na si Allah ﷻ lamang ang nakababatid, kaya’t walang nakakaalam ng mga bagay na ito, maging sa nakaraan, kasalukuyan, at kung ano ang darating.

At maaaring pahintulutan ni Allah ﷻ na ito’y malaman ng ilan sa mga alipin na Kanyang pipiliin, katulad kung papaano ibinigay ni Allah ﷻ ang kaalaman tungkol sa kwento ng mga naunang Sugo kay Propeta Muhammad .At ganoon din ang mga palatandaan sa pagdating ng Huling Araw, kung saan ito’y mangyayari sa darating na panahon, at iba pa na malalaking pangyayari.

Sinabi ni Allah ﷻ sa Qur’an: “Siya ang nakakaaalam ng Ghaib (mga di-nakikitang bahagi) at hindi Niya ipapahayag ang kaalaman na ito kaninuman. Maliban sa Kanyang pinili mula sa mga sugo, at katotohanan, Siya ay nagpapadala ng mga Anghel sa harap at likuran ng mga Sugo, upang mangalaga sa

kanila at sa mensahe na ito. Upang mapag-
alaman ni Propeta Muhammad ﷺ na ang mga
naunang Sugo ay kanilang ipinarating ang
mensahe ng kanilang Panginoon. At Kanyang
nasasaklawan ang alin mang nasa kanila, at
mananatiling nasa wastong bilang ang bawa't
bagay”.

Ang mga susi ng lihim o hindi nakikita ay lima,
ito ay nakatago sa kaalaman ng mga nilikha.
Kaya't walang nakakaalam kailan darating ang
Huling Araw, at kung kailan, saang lugar, at
gaano kalakas bababa ang ulan. At walang
nakababatid ng detalyeng kaalaman sa kung
ano ang nasa sinapupunan ng mga ina maliban
sa Allah ﷻ, walang nakakaalam kung ano ang
magiging kasarian ng mga batang ito, maging
ang kanilang biyaya, kailan sila papanaw, ano
ang kanilang gawain, at sila ba ay mabibilang
sa mga matagumpay o mabibilang sa mga
talunan. At walang nakakaalam sa mga
kabutihan at kasamaan na gagawin ng mga
tao, at papaano hinati-hati ang mga biyaya sa
sanlibutan maliban sa Allah. Walang

nakakaalam kung saang lupalop aabutan ng pagtatapos ang mga kaluluwa maliban sa Allah.

At kung ano ang mga sinasabi ng mga manggagamot at mga eksperto sa mga inaasahang malakas na pag-ihip ng hangin, pagbuhos ng ulan, eklipse ng araw at buwan, lahat ito'y walang kasiguraduhan at maaaring mangyari o hindi, maaaring tama o mali.

Bagamat ang kaalaman ng Allah ﷻ ay sigurado at tumpak, ang Kanyang kaalaman ay tutugma sa reyalidad, sinabi ni Allah ﷻ sa Qur'an: "Tunay na tanging si Allah ang may kaalaman sa takdang Oras, at Siya ang nagpapababa ng ulan, at Siya ang nakababatid ng anumang nasa sinapupunan ng mga ina. Walang sinuman ang nakakaalam anuman ang kanyang kinahihinatnan sa kinabukasan, at walang sinuman ang nakakaalam kung saang lupain siya mamamatay. Katotohanan si Allah ang Maalam, Lubos na Nakababatid".

والله تعالى أعلم...